



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

PAGKAMALIMUTIN

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Anzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akbirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Shaykh Abdullah Daghestani, Shaykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sohba, wal khayru fil jamiyya.*

Ang mundong ito ay di lugar ng ginhawa. Ito'y lugar ng kaguluhan, kasamaan at paghihirap. Ang mga bagay na nagbibigay na di kaginhawaaan ay andito sa mundo. Ang Mundo ay di panghabang buhay na lugar. Ang ating lugar ay ang kabilang buhay. Ang mundo ay para sa pagsubok at paghihirap. Iyon ay nakatagong karunungan ng Allah na sila ay mamumuhay sa mundo na parang panghabang buhay. Ang Insan ay mula sa salitang nisyan na pagiging malilimutin. Ang pinakakahulugan ng Insan ay pagiging makalimutin. Mawawala ang insan pag sila ay di makakalimutin.

Kaya ang pagiging makalimutin ay biyaya ng Allah sa tao upang ang paghihirap sa dumaang panahon ay makalimutan. Subalit minsan nakakalimutan din ng tao na sila ay mamamatay. Sa oras na magulo na ang mundo ay kanilang naaalala na ang Allah at ang kabilang buhay.

Pag sila ay maginhawa di naaalala ng tao ang kabilang buhay at kamatayan. Karamihan sa tao ay di nakakaaalala. Sumisigaw sila ng Allah pag may kaguluhan at digmaan. Ibig sabihin kailangan ng tao ng konting paghihirap para maalala ang Allah. Di natin dapat kalimutan ang Allah upang walang tigil ang biyaya mula sa kanya.

Protektahan nawa ng Allah ang bansang ito, ang Ottoman. Ang lugar na ito ay Ottoman kaya lahat ng kasamaan ay inaatake ito. Inaatakae nila ang buong Muslim pero karamihan dito. Ito na lang ang natitirang lugar. Sinusubukan nila ito tapusin pero di nila ito matatapos. In Sha Allah, mawawala din silang masasama.

Wa Minallah at-Tawfeeq.

Al-Fatiha.

Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
19 February 2016/10 Jumada al-Awwal 1437
Sabah Namaz, Akbaba Dargah